Ontario Energy Board
Commission de l'énergie de l'Ontario

# PROGRAMANG TULONG SA MENERHIYA PARA SA MABABANG KITA NG ONTARIO [ONTARIO'S LOW-INCOME ENERGY ASSISTANCE PROGRAM (LEAP)]

## NATURAL NA GAS

## ANG TULONG NA PINANSYAL PANG-EMERHENSYA NG LEAP

Ang mga mamimili ng enerhiya na may mababang kita na nahihirapan sa pagbabayad ng kanilang mga bayarin ay maaaring kwalipikado para sa kaginhawaan pang – emerhensya upang maiwasan nila ang maputulan ng serbisyo.

#### SINO ANG MAAARING MAGING KWALIPIKADO

Ang isang ahensya para sa serbisyong panlipunan kasama ng inyong utility ay susuriin kung kayo man ay kwalipikado, batay sa bilang ng mga kaukulan katulad ng kita ng pamilya, ang bilang ng mga tao sa inyong tirahan at ang sukat ng bayan o lungsod na inyong tinitirhan.

#### ANONG TULONG ANG NAKALAAN

Kung kayo ay kwalipikado, maaari kayong makakuha hanggang $500 na tulong pang-emerhensya, na ibinabayad ng direkta sa inyong utility.

- Ang tulong ay nakalaan lamang kung kayo ay nahuhuli sa inyong bayarin.
- Ang tulong ay para lamang sa emerhensya. Ito ay tuloy-tuloy na tulong upang bayaran ang inyong mga bayarin.
- Hindi kayo maaaring tumanggap ng perang hihigit pa sa halagang kulang ninyo sa inyong bayarin.

## SINO ANG MALALAPITAN PARA HUMINGI NG TULONG

1. Kailangan ninyong lapitan ang isang nagseserbisyong panlipunan o ahensya ng pamahalaan. Sumangguni sa inyong LOKAL NA UTILITY NG NATURAL NA

GAS na siyang mag-uugnay sa inyo sa isang ahensya na nagsisilbi sa inyong lugar, o BUMISITA SA AMING WEBSITE para sa isang talaan ng mga ahensya.

2. Maaari kayong makipagkita sa isang ahensya upang makipanayam. Hihilingin sa inyo ang magkaloob ng ilang mga papeles katulad ng:
   - Pagkakilanlan, mga bayarin sa natural na gas, mga mensahe para sa pagpuputol, isang kopya ng kontrata ng renta, mga dokumento sa upa o mortgage, katibayan ng kita ng pamilya (resibo ng tseke, liham ng pagtatrabaho, atbp.), mga ulat ng bangko, atbp.

## NATATANGING MGA PATAKARAN PARA SA MGA KUSTOMER NA MAY MABABANG KITA

Sa kahilingan ng OEB, ang mga utitlity ng natural na gas ay nagbuo ng NATATANGING MGA PATAKARAN upang sundin sa tuwing makikiharap sa mga customer na mayroong limitasyon sa mga mapagkukunang pampinansyal.

**TINUTUKOY NG MGA PATAKARAN ANG:**

* Pag-uurong at pagsasauli ng mga deposito bilang seguridad.
* Higit na panahon upang makabayad kung ang inyong utility ay nagkamali at siningil kayo ng halagang mababa sa dapat na halaga.
* Mga opsyon na plano sa parehong paniningil o pagbabayad.
* Isang patas na proseso kung kayo ay humaharap sa pagpuputol ng serbisyo.
* Mga kasunduan para sa naisasaayos na atrasadong pagbabayad.

**SUMANGGUNI SA INYONG UTILITY PARA SA MGA DETALYE.**

**KAYO AY KWALIPIKADO PARA SA NATATANGING MGA PATAKARAN NA ITO KUNG:**

A. Ang inyong lokal na ahensyang panlipunan ang nakakaalam kung inyong natugunan ang mga kailangan.
B. Natanggap ninyo ang tulong na pinansyal pang-emerhensya sa loob ng nakaraang dalawang taon.

## NAKALAAN SA BUONG TAON

Ang tulong na pinansyal pang-emerhensya ay nakalaan sa buong taon. Sumangguni sa inyong utility o anumang serbisyong panlipunan o ahensya ng gobyerno na nagkakaloob ng tulong na pinansyal pang-emerhensya.

Tandaan: Maliban sa LEAP, ang Union Gas ay nagkakaloob ng isang programa na tinatawag na WINTER WARMTH sa mga kustomer nito. Bumisita sa www.uniongas.com para sa karagdagang mga impormasyon.

## ANG SANGGUNIAN PARA SA ENERHIYA NG ONTARIO (ONTARIO ENERGY BOARD) AY MAKATUTULONG SA INYO NA MAGING MAALAM NA MAMIMILI NG ENERHIYA

Para sa impormasyon tungkol sa iba’t-ibang mga paksa, bumisita sa:
www.ontarioenergyboard.ca/OEB/Consumers

Sumangguni sa aming SENTRO PARA SA MGA UGNAYAN NG MAMIMILI (CONSUMER RELATIONS CENTRE)
(ito ay bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 8:30 n.u. hanggang 5 n.h.)

1-877-632-2727 (libreng linya sa loob ng Ontario)
416-314-2455 (sa loob ng Lugar ng Buong Toronto o mula sa labas ng Canada)
consumerrelations@ontarioenergyboard.ca

Sundan kami sa: @OntEnergyBoard

Ang Sanggunian sa Enerhiya ng Ontario (Ontario Energy Board) ay isang independyente at walang kinikilingang ahensya pampubliko. Kami ay nagsasagawa ng desisyon na nagsisilbi sa interes ng publiko. Ang aming layunin ay ang palakasin ang isang sektor na may kakayahang enerhiya at pinansyal na nagpapatuloy na nagkakaloob sa inyo ng maaasahang mga serbisyong pang-enerhiya sa isang makabuluhang halaga.

*Aussi disponible en français. Ang materyal na ito ay nakalaan din sa iba pang mga wika. Bumisita sa aming website o sumangguni sa aming Sentro para sa mga Ugnayan ng Mamimili (Consumer Relations Centre).*